

Mga Babalang Palatandaan ng Pang-aabuso

Ang ating mga komunidad ay tulad ng mga estrukturang sumusuporta sa kaligtasan at kagalingan ng mga tao. Isa sa pinakamahahalagang paraan upang tayo ay makatulong sa proyekto na ito ay sa pamamagitan ng pagtingin sa mga babalang palatandaan ng pagmamaltrato. May kilala ka bang nagpapakita ng alinman sa mga palatandaang ito ng pang-aabuso? Kung gayon, **AGAD NA UMAKSYON**. Ang bawat isa, sa anumang edad, ay karapat-dapat sa katarungan. **Iulat ang pinaghihinalaang pang-aabuso sa lalong madaling panahon.**



Mga Palatandaan sa Emosyon at Pag-uugali

- > Mga kakaibang pagbabago sa pag-uugali at pagtulog
- > Inihihwalay ang sarili o hindi tumutugon
- > Takot o pagkabalisa
- > Depresyon

Mga Palatandaan sa Pangangatawan

- > May pilay, pasa, at pamamantal
- > Mga hiwa, singaw o paso
- > Mga hindi nagagamot na singaw dahil sa matagal na pagkakahiga
- > Napunit, namantsahan o madugong kasuotang panloob panloob
- > Hindi maipaliwanag na sakit na nakukuha sa pakikipagtalik
- > Pagiging marumi, hindi tamang nutrisyon o pagkakulang ng tubig sa katawan
- > Hindi mabuting kalagayan ng pamumuhay
- > Kakulangan ng mga pantulong sa kalusugan [salamín sa mata, walker, pustiso, hearing aid, mga gamot]

Mga Palatandaan sa Pananalapi

- > Mga kakaibang pagbabago sa account sa bangko at pangangasiwa sa pera
- > Mga kakaiba o biglaang pagbabago sa huling habilin o iba pang pinansyal na dokumento.
- > Mga pekeng pirma sa mga pinansyal na dokumento
- > Mga hindi nabayaranang bayarin

ANO ANG PANG-AABUSO SA MATATANDA?

Ang pang-aabuso sa matatanda ay ang pagmamaltrato o pagdudulot ng pinsala sa isang nakakatanda. Maaaring maging kabilang dito ang pisikal, emosyonal, o sekswal na pang-aabuso, kasama ang pagpapabaya at pagsasamantala sa pananalapi. Maraming dahilan na panlipunan-halimbawa, ang kakulangan ng mga sumusuportang serbisyo at mapagkukunan sa komunidad-ay maaaring magdulot ng panganib ng pang-aabuso sa matatanda. Ang ageism (mga diskriminasyon laban sa o mga stereotype tungkol sa matatanda na pumipigil sa kanilang maging ganap na bahagi ng kanilang komunidad) ay may papel din na ginagampanan sa paghihikayat ng pang-aabuso sa matatanda. Sa pagbabago ng mga kadahilanang ito, maaari nating maiwasan ang pang-aabuso sa matatanda at masisigurong ang bawat isa ay may pagkakataong umunlad habang tayo ay tumatanda.



MGA URI NG PANG-AABUSO SA MATATANDA

- > **Pisikal na pang-aabuso:** Paggamit ng puwersa upang takutin o dulutan ng pisikal na pinsala ang isang matanda.
- > **Emosyonal na pang-aabuso:** Mga pasalitang pang-aabuso, pananakot, pagtangi, pagbubukod, o pagmamaliit na nagdudulot o maaaring magdulot ng pagdadalamhati ng pag-iisip, sakit, o kahirapan sa isang matanda.
- > **Sekswal na pang-aabuso:** Sekswal na ugnayan na pinuwera, hatid ng panlilinlang, pananakot, o kung hindi ay ipinilit sa isang matanda, kabilang ang sinumang hindi makapagbigay ng pahintulot
- > **Pananamantala:** Pagnanakaw, pandaraya, maling paggamit o hindi pagsaalang-alang sa pahintulot, at paggamit ng labis na impluwensya bilang paraan upang makakuha ng kontrol sa pera at ari-arian ng isang matanda.
- > **Pagpapabaya:** hindi paggawa o pagtanggap magkaloob para sa kaligtasan, pisikal o emosyonal na pangangailangan ng isang matanda.



PAANO NATIN MAIWASAN O MATUTUGUNAN ANG PANG-AABUSO SA MATATANDA?

Mababawasan natin ang panganib ng pang-aabuso sa matatanda sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga suporta at pundasyon kung saan magiging mahirap mangyari ang pang-aabuso. Kung iniisip natin ang lipunan bilang isang gusaling sumusuporta sa ating kagalingan, makabuluhan kung gayon ang magdisenyo ng pinakamatibay na gusaling magagawa natin—isang may mga barakilan at dingding na may pansuporta sa bigat na kailangan upang mapanatiling ligtas at malusog ang lahat habang tayo ay tumatanda. Halimbawa, ang pagbuo ng mga suporta sa komunidad at mga serbisyong pantao para sa mga tagapagkaloob ng pangangalaga at matatanda ay magpapahupa sa mga salik ng panganib na kaugnay ng pang-aabuso sa matatanda. Ang pagdagdag sa pagpopondo ay makapagsuporta sa mga pagsusumikap na sanayin ang mga propesyonal sa pangangalagang may kaugnayan sa matatanda. Ang pagtukoy sa mga paraan upang bigyan ng kapangyarihan ang mga matatanda ay babawas sa masasamang epekto ng ageism. At ang paggamit ng kaalaman ng dalubhasa ay makapagbigay ng mga kasangkapang kailangan upang matukoy, matugunan, at higit sa lahat, maiwasan ang pang-aabuso.

PAANO NATIN MAIUULAT ANG PINAGHIHINALANG PANG-AABUSO?

Anuman ang edad natin, iniaatas ng katarungan na tayo ay tratuhin bilang mga ganap na miyembro ng ating mga komunidad. Kung napapansin natin ang ilan sa mga palatandaang ito ng pang-aabuso, tungkulin nating iulat ito sa mga kinauukulang awtoridad..

Makakatulong ang mga programang gaya ng Adult Protective Services (APS, Mga Serbisyong Pumuprotekta sa Matatanda) at ang mga Long-Term Care Ombudsman (Ombudsman sa Pangmatagalang Pangangalaga). Para sa numerong tatawagan sa pag-uulat, makipag-ugnay sa Eldercare Locator sa 1-800-677-1116 (www.eldercare.acl.gov).

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay nasa isang sitwasyong banta sa buhay o napipintong kapahamakan, tumawag sa 911 o tumawag sa lokal na pulisya o sheriff.

Ang National Center on Elder Abuse (NCEA, Pambansang Tanggapan sa Pang-aabuso sa Matatanda) na pinamumunuan ng U.S. Administration on Aging (Pangasiwaan sa Pagtanda ng Estados Unidos), ay tumutulong sa mga komunidad, ahensya at organisasyon na masigurong ang matatanda at nasa hustong gulang na may mga kapansanan ay makapamuhay nang may dignidad, at hindi nakakaranas ng pang-aabuso, pagpapabaya, at pananamantala. Kami ay nakabase sa Keck School of Medicine ng USC. Ang NCEA ay isang lugar na pinupuntahan para sa edukasyon, pananaliksik, at mga gawaing may pag-asa sa pag-iwas sa pang-aabuso.



Visit us online for more resources!

ncea.acl.gov ncea.acl.gov

NCEA
National Center on Elder Abuse

Kinumpleto ang materyal na ito para sa National Center on Elder Abuse na matatagpuan sa Keck School of Medicine sa University of Southern California at sinusuportahan ang bahagi nito ng isang gawad (Blg. 90ABRC000101-02) mula sa Administration for Community Living (Pangasiwaan para sa Pamumuhay sa Komunidad), U.S. Department of Health and Human Services (DHHS, Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos). Ang mga ginagawarang nagsasagawa ng mga proyekto sa ilalim ng pag-sponsor ng gobyerno ay hinihikayat na malayang ipahayag ang kanilang mga natuklasan at konklusyon. Samakatuwid, ang mga pananaw at opinyon ay hindi sadyang kumakatawan sa opisyal na patakaran ng ACL o DHHS. HULING REBISYON NG DOKUMENTO: DISYEMBRE 2017

Keck School of
Medicine of USC